HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Vol. IX No.19 April 7-13, 2025 10.00 ISSN No.: 2672-3034

**"LET US HAVE A PEACEFUL ELECTION"**

# Kadiwa ng Pangulo Brings Affordable Goods to General Trias City



The Kadiwa ng Pangulo program successfully brought fresh produce and essential goods closer to the residents of Tierra Nevada, General Trias City on April 1, 2025. Held at the Phase 1 Covered Court in Barangay San Francisco, the event was attended by DTI Cavite Team including Arner Olayres, Froy H. Galapon, Arselyn Nepomuceno, representatives from DA Agribusiness and Marketing Assistance Division, and General

(cont. P.4)

## VOTE STRAIGHT TEAM GENTRI



***Pangalawang araw ng pangangampanya at damang dama parin ng nila Mayor Jon-Jon Ferrer ang init pagmamahal at suporta ng Gentriseño sa Team GenTri, at kina BM Abeng Remulla na tumatakbong Governor at BM Ram Revilla na tumatakbo namang Vice-Governor.***

***Let's Join Forces for a More Progressive City of General Trias!***

## LED Wall sa City of Imus Sports Complex, bunga ng 2023 Seal of Good Local Governance-Incentive Fund




Pormal na tinanggap ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang LED Wall na ikinabit sa City of Imus Sports Complex mula sa Department of the Interior and Local Government (DILG) noong Martes, Marso 25, 2025.

Pinangunahan ang inagurasyon nina Officer-in-Charge (OIC) Larry Monzon ng Office of the City Administrator bilang kinatawan ni Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula, DILG Regional Director Engr. Ariel O. Iglesia, CESO

(cont. P.7)

ADVERTISE WITH US! Contact Number: 094075029643 E-mail Address: humanitynews@yahoo.com

# ALYANSA NI PANGULONG BONG BONG MARCOS AT ANIM (6) SENATORIAL CANDIDATES HUMARAP SA MEDIA












Anim sa 12 Senatorial Candidates ang sumalang sa isang PressCon na kaalyado ng administration sa ilalim ng ALYANSA NG BAGONG PILIPINAS.

Anim sa labing dalawang candidatong Senador ang sumalang sa question & answer noong nakaraang Marso 21, biyernes sa bagong kapitolyo Trece Martirez City Cavite.

Pinangunahan ni Sen. Panfilo, Lacson, Sen Tito Sotto, Sen Benhur Abalos, Sen Tol Tolentino, Sen., Erwin Tulfo, Sen. Abby Binay at Congressman Toby Tiangco

Nagpakita ang mga candidatong Senador ng kanilang supporta sa kasalukuyang administration at tinalakay nila ang kanilang mga plataporma na makakatulong sa mamayang Pilipino kung sakaling muli silang maihalak na muli sa Senado .

Bukod buo ang kanilang team sa lahat ng adhikain at proyekto ng pangulong PBBM, katulad infastrature, pangkabuhayan, edukasyon para sa kabataan at livelihood programa para sa mamayang Pilipino., Lalo na sa lalawigan ng Cavite.

*MARGIE BAUTISTA*

Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

our website:
www.humanitynewsph.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**KRISTEL. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST


**ANTHONY LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/ columnist.

Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

MEMBER:
PRIME ALLIANCE OF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc.
PAPER.PH

Subscription Rates: 1 year 52 Issues = Php 520.00
Legal Notices: 1 col. Per cm. rates = Php 160.00
Advertisement Rate: Per column = Php 200.00



## MAKATANG KABITENYO

**DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE**
**MAKATANG KABITENYO 1999**
**F&A.M LINCOLN LODGE # 34**
**DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)**
**DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA**

## MGA TAO SA PILIPINAS

1. Mga sinaunang tao nitong bayan,
Mga Ita't saka Indones ang angkan,
Dumating ang Malay na una ay Pagan,
Sa huli'y pumasok ang Relihiyong Islam.

2. Ang mangangalakal na may dugong Tsino,
Dumating sa pulo't nag alok sa tao
Ng mga kalakal na di gawa dito,
At saka kumuha ng ating produkto.

3. Wala namang away, lahat nagkasundo,
Nguni't nagbago lang nang dito dumako
Ang mga Kastilang nang una'y nangako
Ng ugaling tapat at dakilang puso.

4.Ikinalat nila ang Kristiyanismo,
Ang iba'y yumakap sa bagong prinsipyo,
Bisaya at Luzon ay naging Kristiyano,
Sa Mindanao naman ay Lumad at Moro.


5. Unti-unting pasok ang mga lumitaw,
Kristiyano ay naging dayo sa Mindanao,
Datu Piang, tumulong sa bagong nagbungkal,
Bigay ay pagkain, hiram ang kalabaw.

6. Nang sila'y umani ng gulay at palay,
Kristiyano'y bumawi't nagbigay ng alay,
Kristiyano at Muslim,ang puso'y nag-ugnay,
Parehong ninuno't dugo yaong tulay.

7. Subalit dumagsa ang mga Kristiyano,
Sa lupa'y namugad, nag-ingat ang Moro,
Sa pagsisimula ng malaking gulo,
Kristiyano'y kinalong ng ating Gobyerno.

8. Ngayo'y inaayos ni Pangulong Digong
Ang hidwaang itong problema ng nasyon,
Tayo'y magkaisa't sa kanya tumulong,
Ang Moro't Kristiyano'y iisa ang Ingkong.

# Groundbreaking Ceremony of Mary Homes Elementary School










Pinangunahan naman nila Mayor Strike B. Revilla, Vice Mayor Rowena Bautist-Mendiola, Cong. Lani Mercado-Revilla and other City officials, Team Revilla, at DepEd Bacoor ang ground breaking ng 4-storey, 16-classroom sa Mary Homes Elementary School, Brgy. Molino 4 na pinondohan sa tulong ng tanggapan ni Sen. Cynthia Villar.

# CONGRESSMAN AJ ADVINCULA, PATULOY NA NANGUNGUNA SA SURVEY; TUMAAS PA SA SURVEY NOONG BUWAN NG MARSO




Tumaas pa sa survey si Imus City Congressman AJ Advincula base sa huling survey ng One Research Phil. Inc. Ayon sa survey noong marso, nakakuha ng 71% si Advincula na sinundan ni Dating Mayor Emmanuel Maliksi na nakakuha ng 26% at 2% ng undecided.

Sa pagsisimula ng local campaign ay makikitang dagsa din ang mga supporters ni Advincula sa kanilang pagbabahay-bahay kung saan kinumusta na din nila ang kanilang mga kababayang Imuseño.

# DTI Cavite Joins Multi-Agency Effort at Kadiwa ng Pangulo in Naic



The Department of Trade and Industry (DTI) Cavite actively participated in the Kadiwa ng Pangulo (KNP) held on March 25, 2025, at the Naic Town Plaza, Naic, Cavite. The half-day event brought together key government agencies, including the Department of the Interior and Local Government (DILG), Department of Labor and Employment (DOLE), Department of Social Welfare and Development (DSWD), National Food Authority (NFA), and the Office of the President (OPP). The initiative aimed to promote affordable, locally produced goods while providing government services and support to the community. TIDA Froy Galapon and Negosyo Center Business Counselor Joshua Magarso represented DTI Cavite during the event.

DTI Cavite featured five local exhibitors, including Puregold, BJMP-Trece, Gracia's Tapsihan, Joshael Bakery, and EFF Footwear. The KNP gave these businesses a platform to showcase their products, reach more consumers, and boost their market presence. #iamDTIph






## World Water Day 2025: Tungo sa malinis ma daloy ng tubig







Sa pagtutulungan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus at ng Maynilad, ginanap ang tatlong araw na talakayan tungo sa malinis na tubig bilang bahagi ng paggunita sa World Water Day 2025 mula noong Marso 25 hanggang 28, 2025.

Kasama ang iba't ibang sektor, ipinaliwanag sa 377 katao ang kahalagahan ng paglilinis at pagpapanatili ng kalinisan ng mga daluyan ng tubig, higit ang mga ilog, sa ilalim ng programang Bigkis-Tubig at Daloy Dunong.

Sentro ng usapin ang solid waste management, ang ugnayan ng tubig, kalusugan, at kalinisan, gayundin ang Expanded Enhanced Lifeline Program ng Maynilad.

Bahagi rin dito ang informal settler families, partner adopters na San Miguel Yamamura Packaging Corp. at JM Purification Trading, Medical Center Imus, Office of the City Environment and Natural Resources Officer, Office of the City Health Officer, at Local Housing Office.

Ginugunita ang World Water Day tuwing Marso 22 upang maitaas ang kamalayan sa kahalagahan ng pangangalaga sa tubig, na isa sa mga pinakaimportanteng pangangailangan ng mga tao.

## Kadiwa ng Pangulo Brings...

(from p. 1)

Trias City Agriculture.

With support from the Department of Trade and Industry (DTI) Cavite, the event featured a variety of exhibitors, including Puregold Price Club Inc., EFF Footwear, Joshael Bakery, Metchii's Food Products, and BJMP-Trece Martires City. These businesses showcased affordable food products, footwear, and other essential goods, ensuring that local residents had access to high-quality items at competitive prices.

*(DTI CAVITE)*



## LET THERE BE LIGHT!

By

ENG'R. VER CAMPAÑA BAUTISTA

*F & A.M. Luis Olimpo Ferrer Lodge 366*

**TABON - Ang nayon ng Tabon,Kawit ay lugar na dating bahagi ng latian kaya nilagyan ng tabon upang di maging maputik.**



## FAMOUS PERSONALITIES

***BY***

***NICO & NIELSEN BAUTISTA***

FATHER MIGUEL HIDALGO -Siya ay isang Mexican Priest na nagpasimula ng rebolusyon laban sa Espanya sa kanyang bansa.

# MAYOR LUBIGAN NANANATILING NO. 1 SA SURVEY ; VM BOBBY MONTEHERMOSO, UMANGAT PA SA SURVEY




Nangunguna at napanatili ni Mayor Gemma Lubigan ang kaniyang puntos sa pinakahuling survey na isinagawa ng One Research Philippines Inc. (ORPI), na may 78% approval rating sa pagka-Alkalde. Sinundan naman ni dating Mayor Jun De Sagun na may 19%, habang 3% naman ang undecided voters.

Samantala, sa Vice Mayoralty position, nanguna si Vice Mayor Bobby Montehermoso na may 88% approval rating, sinundan ni Mr. Alex Peñalba na may 8%, at 4% ang undecided.

Ang mataas na rating na ito ay patunay ng matinding pagtangkilik at tiwala ng mga Treceño sa maayos at napapanahong pamumuno ni Mayor Lubigan at Vice Mayor Montehermoso.

Ipinakikita ng survey na patuloy na nagtatrabaho ang Team Lubigan at Montehermoso upang maglingkod nang may malasakit at tunay na dedikasyon sa bawat Treceño.

*(Cavite Tv)*

## Health Benefits...

### Kaalaman tungkol sa Uray (Pigweed) bilang halamang gamot

Ang uray o kulitis ay isang maliit lamang na halaman na karaniwang tumutubo sa mga bakanteng lote at mga gilid ng kalsada. Ang mga sanga ay napapalibutan ng maliliit na tinik, ang mga dahon ay patulis at bilugan. Ang mga bulaklak naman ay maliliit at kumpo-kumpol, habang ang mga buto ay maliliit at kulay itim. Ang mga dahon nito ay kinakain bilang gulay sa ilang mga lugar.



*Scientific name: Amaranthus spinosus Linn. Common name: Uray, Kulitis (Tagalog); Pigweed, Prickly amaranth (Ingles)*

Ano ang mga sustansya at kemikal na maaaring makuha sa Uray(Pigweed)?

Ang iba't ibang bahagi ng halamang uray ay maaaring makuhanan ng maraming uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:

Ang mga dahon ay may taglay na anthraquinone derivatives, cardiac glycosides at saponins.

Taglay din ng halaman ang ilang mga kemikal gaya ng 7-p-coumaroyl apigenin 4-O-beta-D-glucopyranoside, spinoside, xylofuranoxyl uracil, beta-D-ribofuranosyl adenine, beta-sitosterol glucoside, hydroxycinnamates, quercetin at kaempferol glycosides, betalains, betaxanthin, betacyanin; amaranthine at isoamaranthine, gomphrenin, betanin, b-sitosterol, stigmasterol, linoleic acid, rutin at beta-carotene

**Anong bahagi ng halaman ang ginagamit bilang gamot, at paano ginagamit ang mga ito?**

Maaaring gamitin bilang gamot ang ilang bahagi ng halaman tulad ng:

Ugat. Maaaring ilaga ang mga ugat ng uray upang magamit sa panggagamot. Maaari din itong patuyuin, pulbusin, at inilalagay sa kapsula.

Dahon. Ang dahon ay ginagamit naman na pantapal sa ilang kondisyon sa balat. Ang pinaglagaan naman ng dahon ay maaaring inumin, ipangmumog o ipang hugas sa ilang karamdaman.

Ano ang mga sakit at kondisyon na maaaring matulungan ng Uray (Pigweed)?

Ubo. Mabisa ang pag-inom sa pinaglagaan ng halaman ng uray para sa kondisyon ng pag-uubo na hirap ilabas ang plema.

Tulo o gonorrhea. Pinatutuyo ang dahon sa araw, dinudurog, at nilalagay sa kapsula upang inumin para magamot ang kondisyon ng tulo. Maaari ding ilaga ang ugat at ipainom sa may sakit.

Eczema. Para sa kondisyon ng pamamaga ng balat o eczema, maaaring ipantapal ang dahon na bahagyang dinikdik sa apektadong balat.

Sore throat. Mabisa para sa pananakit ng lalamunan ang pagmumumog gamit ang pinaglagaan ng dahon at ugat ng halamang uray.

Sugat. Maaaring gamitin na panghugas naman sa mga sugat ang pinaglagaan ng dahon at ugat ng uray.

Pagtatae. Ang pinaglagaan ng ugat ay magagamit para malunasan ang pagtatae na nararanasan.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
FOURTH JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
CITY OF IMUS, CAVITE

**PHILIPPINE NATIONAL BANK, In its capacity as assignee-mortgagee of PNB Savings Bank**
Mortgagee,
-versus-
EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118
F.C. No. 19364-25

**SPS. MAYONE LEONILA C. ALCANTARA AND LOIDELITO F. ALCANTARA,**
Mortgagor,
x------------------------------------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by PHILIPPINE NATIONAL BANK, mortgagee, with principal place of business at PNB Financial Center, Pres. Diosdado Macapagal Boulevard, Pasay City against **SPS. MAYONE LEONILA C. ALCANTARA AND LOIDELITO F. ALCANTARA,** mortgagors, with residence and postal addresses at No. 75 Unit 4B Dr. Alejos St., Brgy. San Isidro Labrador, La Loma, Quezon City, and/or #2 San Lorenzo St., Baybay, Tiwi, Albay, and/or Lot 5 Block 9, Camella Bucandala Phase 4, Brgy. Bucandala IV, Imus City, Cavite, to satisfy the mortgage indebtedness which as of **February 28, 2025** amounts to **SIX MILLION TWO HUNDRED EIGHTY-ONE THOUSAND TWO HUNDRED FORTY-FOUR PESOS AND 78/100 (Php6,281,244.78),** Philippine Currency, including interest and penalties, but excluding attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned will sell at public auction on **April 29, 2025 at 10:00 o'clock in the morning** or soon thereafter at the main entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC-Imus Hall of Justice, Aguinaldo Highway, Imus City, Cavite to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 057-2021019997**

LOT NO: 5, BLOCK NO: 9, PLAN NO: PCS-04-030899 PORTION OF: LOT 6225-B, (LRC) PSD-299358, LOTS 1712-A & 1712-B, PSD-04- 173115, LOT 1714-C, PSD-04-053076: LRC REC NO. 8843
LOCATION: BARANGAY OF BUCANDALA, CITY OF IMUS, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON
BOUNDARIES:

| LINE | DIRECTION | ADJOINING LOT(S) |
|---|---|---|
| 1-2 | SE | ROAD LOT 9, PCS-04-030899 |
| 2-3 | SW | LOT 6, BLOCK 9, PCS-04-030899 |
| 3-4 | NW | LOT 35, BLOCK 9, PCS-04-030899 |
| 4-5 | NW | LOT 36, BLOCK 9, PCS-04-030899 |
| 5-6 | NW | LOT 37, BLOCK 9, PCS-04-030899 |
| 6-1 | NE | LOT 4, BLOCK 9, PCS-04-030899 |

XXX
AREA: EIGHTY EIGHT SQUARE METERS (88), MORE OR LESS XXX"

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **May 6, 2025 at 10:00 o'clock in the morning** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said properties and encumbrance therein if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, April 3, 2025.

**ROSVIDA C. NOCUM**
Sheriff IV

APPROVED

**ARMIE A FRANCISCO**
Clerk of Court VI

COPY FURNISHED:
**PHILIPPINE NATIONAL BANK**
PNB Financial Center, Pres. Diosdado Macapagal Boulevard, Pasay City

**SPS. MAYONE LEONILA C. ALCANTARA AND LOIDELITO F. ALCANTARA**
No. 75 Unit 4B Dr. Alejos St., Brgy. San Isidro Labrador, La Loma, Quezon City and/or
#2 San Lorenzo St., Baybay, Tiwi, Albay and/or
Lot 5 Block 9, Camella Bucandala Phase 4, Brgy. Bucandala IV, Imus City, Cavite

**ATTY. SIMEON P. MADRID**
S.P. Madrid & Associates
17th Floor Chatham House Condominium
Valero St. cor. V.A. Rufino St., Makati City

**HUMANITY NEWS**
**APRIL 7, 14, & 21, 2025**

# Blessing and Inauguration of Bahay Pag-asa Youth Center





Isang makasaysayang araw para sa ating lungsod ang March 25, 2025, nang pormal ni Mayor Gemma Lubigan binuksan ang Bahay Pag-Asa Youth Center sa Barangay Gregorio, kasama sina Vice Mayor Bobby Montehermoso , ang 11th Sangguniang Panlungsod Members, VAWC officers at ang Office of the City Social Welfare and Development Officer (OCSWDO). Ang Bahay Pag-Asa ay isang 24-hour child-caring institution na nagbibigay ng pansamantalang tirahan at rehabilitasyon para sa mga Children in Conflict with the Law (CICL) at Children at Risk. Sa pamamagitan ng Bahay Pag-Asa Youth Center, binibigyan natin ng pangalawang pagkakataon ang mga Children-in-Conflict with the Law (CICL) at Children-at-Risk (CAR) upang muling bumangon, matuto, at makapagbagong-buhay. Dito, tinututukan sila sa pamamagitan ng edukasyon, skills training, counseling, at suporta mula sa pamilya at komunidad upang masigurong matagumpay ang kanilang pagbabalik sa lipunan. Patuloy tayong magkaroon ng malasakit sa ating komunidad at maging katuwang sa pagbibigay ng pag-asa at bagong simula sa ating mga kabataan.

# Paghahanda ng Imus LGU sa nalalapit na Pupugayo Festival 2025



Ilang araw bago ang pagdiriwang ng Pupugayo Festival 2025, isinagawa ng Office of the City Tourism and Heritage Officer ang Pre-Competition Orientation noong Marso 28, 2025, sa Dambana ng Pambansang Watawat ng Pilipinas, Brgy. Alapan 2-B.

Ipinaliwanag sa mga kalahok ang mechanics at guidelines, papremyo, at criteria for judging upang mas magabayan ang pagpapalipad nila ng mga makukulay at magagarang saranggola sa mismong araw ng kumpetisyon.

Bukod sa kumpetisyon, idaraos din ang Kite Making Workshop para sa mga batang Imuseñong edad 10 taon pababa.

Gaganapin ang Pupugayo Festival ngayong Sabado, Abril 5, 2025, mula 10:00 A.M. hanggang 5:00 P.M. sa Vermosa Sports Hub, Bike Trail and Lot Area, Brgy. Pasong Buaya 1.

Pagmasdan ang ganda ng pag-angat ng Imus. Kita-kits, Imuseño!

# FINANCIAL ASSISTANCE PARA SA 807 NA BENEFICIARIES MULA SA CARMONA



Sa pagtutulungan ng Office of the City Social Welfare and Development at ng Tanggapan ni Cong. Roy M. Loyola ay ginanap kahapon, Marso 27, ang pamamahagi ng tulong pinansyal para sa 807 na beneficiaries mula sa City of Carmona.

Sana ay makatulong po ito sa inyong mga pangangailangan at suliranin sa buhay. Palaging nakaagapay ang Lokal na Pamahalaan para sa inyong ikabubuhay at ikauunlad.

City Government of Carmona

.

# BAGONG CAVITE STATE UNIVERSITY CAMPUS, ITATAYO SA CARMONA!






Good news para sa mga mag-aaral sa Carmona, Cavite!

Malapit nang simulan ang pagtatayo ng bagong campus ng Cavite State University (CvSU) sa Barangay Maduya, City of Carmona, sa bahagi ng Carmona International City (CIC).

Ang campus ay itatayo sa isang 1.512 hektaryang lote at mayroong tatlong modernong gusal; isang five-story at dalawang four-story structures. Kasama rin sa proyekto ang isang quadrangle, multi-purpose court, at parking spaces para sa 84 na mga sasakyan.

Isang napapanahong hakbang ito para sa pagpapabuti ng edukasyon sa mamamayan ng Carmona.

## *LED Wall sa City of Imus Sports...*

(from p. 1)

III, DILG Cavite Cluster A Head Nency Costelo, City Local Government Operations Officer Roxanne Vicedo, OIC Engr. Guiana Monzon ng Office of the City Planning and Development Coordinator, at OIC Patrick Paulme ng Office of the City General Services Officer.

Ang pagkakaroon ng LED Wall sa naturang sports complex ay bunga ng pagpaparangal sa Pamahalaang Lungsod ng Imus bilang 2023 Seal of Good Local Governance awardee.





SEE YOU AT GEN. E. TOPACIO ST. NEAR THE TOPACIO COMPOUND IMUS, CITY




## CAVITE HIGHLIGHTS

By: Yna Palparan Bautista

**Emiliano Riego de Dios-** Isa siyang Soldier - Diplomat na may ranggong Major- General at delegado para lakarin ang pagkilala sa Philippine Independence na idineklara ni Aguinaldo sa Kawit. Nagtungo siya sa Europe at America para kausapin ang mga lider doon pero di siya nagtagumpay. Siya ang nagpayo kay Aguinaldo na ibahin ang hatol kay Bonifacio sa mababang antas nguni't di ito pinakinggan.



ENGR. VIR CAMPAÑA BAUTISTA (TWIN BROTHER OF VER)

## HUMANITY TRIVIA

(IT TELLS THE DATES OF INVENTION, PLACES OF PLANT ORIGIN AND CURES OF DISEASE)

Steam Engine - 1698

Thermometer - 1714

Anise - Asia

Basil - tropics

Alugbati - constipation

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Vol. IX No.19 April 7-13, 2025 P10.00

# IN CASE YOU MISSED IT: PHILHEALTH ANIMAL BITE PACKAGE COVERS PHP 5,850 FOR SERVICES AGAINST HIGHLY FATAL RABIES



The Department of Health announced that for the year 2024, all 426 recorded rabies cases resulted in deaths. Forty-five percent (193) of these were bites from domestic pets, and of that percentage, more than half were of unknown vaccination status.

"Hinihikayat natin ang ating mga miyembro na huwag mag-atubiling magpatingin kung sila ay kinagat o di kaya'y kinalmot ng hayop, alaga man o hindi. Ang rabies ay isang lubhang nakamamatay na sakit ngunit maaari itong maiwasan kung agarang mabibigyan ng bakuna," said Dr. Edwin M. Mercado, PhilHealth President and CEO. Rabies remains to be a significant global health threat, causing 60,000 to 70,000 reported deaths annually. The Philippines ranks sixth among countries with the highest rabies incidence. In fact, from January 1 to March 1 of this year, 55 rabies cases have been tallied.

In recognition of the burden of rabies in the country this National Rabies Awareness Month, PhilHealth reiterates that there is a benefit package that members could avail to cover for services against rabies. The Animal Bite Treatment (ABT) package, which has been increased to P5,850 from the previous P3,000, covers essential post-exposure prophylaxis including rabies vaccine and rabies immune globulin for immediate protection, local wound care, tetanus toxoid and anti-tetanus serum, antibiotics, and supplies which include syringes, alcohol and antiseptics.

"Kami sa PhilHealth ay nakikiisa sa National Rabies Prevention and Control Committee sa kanilang kampanyang rabies-free na pusa't aso, kaligtasan ng pamilyang Pilipino. Ang ABT Package ay maaaring makuha sa higit 700 accredited ABT Package Providers sa bansa, at patuloy pa natin itong dinadagdagan. Gayunpaman, pinaaalalahanan natin ang publiko na ang unang hakbang sa pag-iwas sa rabies ay ang pagpapabakuna ng ating mga alagang hayop. Let us all be responsible pet owners," added Dr. Mercado.

For more details on anti-rabies benefits and other packages, members may call PhilHealth's 24/7 touch points at (02) 866-225-88 or at mobile numbers (Smart) 0998-857-2957, 0968-865-4670, (Globe) 0917-1275987 or 0917-1109812.

#Rise30 #Sama sa mang Pagangat Para Sa Bagong Pilipinas

# Thousands of college students in Cavite receive educational assistance

The Provincial Government of Cavite continues its commitment to supporting students in their pursuit of higher education through the distribution of educational assistance to deserving beneficiaries across several municipalities.

On March 25, 2025, a total of 698 college students from the Municipality of Magallanes received financial aid to help cover their academic expenses. The following day, March 26, 573 college students from Ternate were granted the same support, ensuring that they have the necessary resources to continue their education without financial burden.



Meanwhile, on March 27, educational assistance was extended to 269 students from Gen. Emilio Aguinaldo and 834 qualified students from Maragondon, further demonstrating the provincial government's dedication to fostering educational growth and development.

This initiative underscores the provincial government's unwavering commitment to empowering Cavite's youth by alleviating financial constraints and promoting academic excellence. Local officials expressed their gratitude to Governor Athena Bryana Tolentino and the entire provincial administration for prioritizing education and providing much-needed support to students in the province.

Beneficiaries and their families also expressed appreciation for the assistance, noting that it will significantly aid them in covering tuition fees, school supplies, and other academic-related expenses. The program continues to be a beacon of hope for many students striving to achieve their educational dreams despite financial challenges.

# DO YOU KNOW ?

*James I was the first English monarch to use the fork.*

**(Shared by Fellowship with Humanity)**

FELLOWSHIP WITH HUMANITY
Province of Cavite

**PRESIDENT: AURELIO PAREDES BAUTISTA**

**Fellowship with Humanity is a Family-Based Masonic Charity Group registered in Cavite to help in a small way alleviate the conditions of the poor. The funds come from the family income of the Bautista Family members.**